# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 15, 2021, LUNES, IKA-09:19 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | . . . . . | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | . . . . . | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN (nagpaalam) |

**KAPASIYAHAN BLG. 117-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 15-T2020 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 3-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN TATLUMPU'T TATLONG LIBO ANIMNARAAN TATLUMPU'T WALONG PISO AT APATNAPU'T TATLONG SENTIMOS (P133,638.43) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2021 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY POBLACION V.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 15-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2020 ng Barangay Poblacion V ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P133,638.43 mula sa limang bahagdang (5%) pondong kalamidad nang taong 2021 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P93,546.90) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P40,091.53) ng Barangay Poblacion V, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 15-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P133,638.43 mula sa limang bahagdan (5%) pondo sa kalamidad nang taong 2021 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Poblacion V.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 15, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan